Mt. Zion Baptist Missions Philippines – **Sermon Notes**
facebook.com/mzbmp | audio & pdf files: www.sermonaudio.com/mzbmp
website: mzbmp.org | Missionary Bill Hardecker | 09154948573

**Pamagat**: Si Jesus ang Mabuting Pastol

**Bible Text**: John 10:11 "I am the good shepherd: the good shepherd giveth his life for the sheep."

> *Pagsasalin*: Ako ang mabuting pastol. Ibinibigay/Inialay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.

**Panimula**:
1. Sa chapter 10 marami ang mga may opinion kung sino si Jesus. (vv.19-21) – devil, sira-ulo, etc.
2. Ang kausap ni Jesus sa chapter 10 ay ang mga religious leaders ng chapter 9, mga "Pharisees."
3. Walang kabulagan maliban pa sa espirituwal na kabulagan.
4. Dalawa ang napakalinaw at napakagandang larawan ang inilalagay ng Panginoon para sa atin: Siya ang Pintuan, at Siya ang Mabuting Pastol.
5. At dalawa ang kaniyang punto: A. Siya ang tunay at tanging Pastol. B. At ang mga Phariseo ay mga magnanakaw.

**I. Ang Karangalan ni Jesus Bilang Ating Mabuting Pastol ay Tinakda ng Dios Ama:**
- A. Ang karangalan ng pagiging Mabuting Pastor ay tinakda ng Dios Ama (Heb. 5:4,5)
- B. Wala nang iba pang pangalan ang maaring maging para sa tao na kanyang Tagapagligtas! Si Jesu-Cristo lamang.
- C. Rom. 3:25 - na siyang inialay/itinalaga ng Diyos bilang handog na pantubos sa pamamagitan ng kanyang dugo na mabisa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay kanyang ginawa upang maipakita ang pagiging matuwid ng Diyos, sapagkat sa kanyang banal na pagtitiis ay kanyang pinalampas ang mga kasalanang nagawa sa nakaraan;

**II. Ang Kapangyarihan ng Salita ng Mabuting Pastol**:
- A. Pinakikinggan ng mga tupa ang boses ng Pastol. – They hear his voice.
- B. They know his voice – alam nila ang boses ng Pastol.
- C. 1 John 2:27 - At kayo ay tumanggap ng kaloob mula sa kanya [pagpapahid/[pagbubuhos], nananatili sa inyo, at hindi ninyo kailangan ang sinuman upang magturo sa inyo. Subalit ang ipinagkaloob niya sa inyo ang magtuturo sa inyo tungkol sa lahat ng bagay. Ito ay totoo at hindi kasinungalingan; at gaya ng itinuro nito sa inyo, manatili kayo sa kaloob na ito.

**III. Si Jesus ay ang Pintuan**: (v.9)
- A. Isa lang ang Pintuan.
- B. Ang pagpasok sa Kaniya ay ang pananampalataya sa Kanya sa tulong ng Banal na Espiritu ng Dios.
- C. Walang makakapasok sa Langgit na hindi kinikilala si Jesus ay ang Pintuan.

**IV. Si Jesus ay ang Pastol**: (v.11)
- A. Isa. 40:11 - Kanyang pakakainin ang kanyang kawan na gaya ng pastol, kanyang titipunin ang mga kordero sa kanyang bisig, at dadalhin sila sa kanyang kandungan, at maingat na papatnubayan iyong may mga anak.
- B. Ps. 23:1 - Ang Panginoon ay aking pastol; hindi ako magkukulang;
- C. Ezek. 23:34 - Ako'y maglalagay ng isang pastol sa kanila, ang aking lingkod na si David, at kanyang pakakainin sila. Kanyang pakakainin sila at siya'y magiging kanilang pastol.
- D. Hindi lang Siya maghahari sa atin, pero aalagaan niya tayo ng tulad ng pagaalaga ng isang Mabuting Pastol.

**Katapusan**:
1. Isipin natin na inialay ng Pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.
2. Maaunawaan ba natin ang kadikilahan nito?
3. Matitikman natin ang Langit dahil nakitman niya ang kapootan ng Dios para sa atin.